


Setyembre 24, 2021



Minamahal naming mga Magulang at Tagapag-alaga,

Ang mga unang linggo ng pagbabalik sa paaralan ay palaging kapana-panabik na oras, ngunit higit pa para sa mga estudyante na magbabalik sa kanilang silid-aralan ng personal na pag-aaral pagkatapos ng maraming mga buwan na nag-aaral ng remote.

Papalapit na tayo sa taong ito ng may karagdagang atensiyon para sa kaligtasan at kalusugan ng ating mga anak.

Sa pagkakaroon ng epektibong estratehiya sa pag-iwas ng COVID-19 sa lugar —mga pagbabakuna, pangkalahatang pagmaskara sa loob, pagsusuri, paghuhugas ng kamay, at maayos na bentilasyon—mayroon tayong maraming layer ng depensa na makakatulong na makabuluhan upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa mga lugar sa paarlan.

Kami ay masayang nakikita ang mga estudyante na makabalik sa mga paaralan sa kampus sa ating buong county. Kagaya ng ilan sa inyo, kami ay nakatuon sa pagkakaroon ng mga estudyante na mag-aral ng personal kung kailan posible, bibigyan sila ng mga benepisyo ng buong saklaw ng karanasan at suporta na ibinibigay ng paaralan na kampus. Sa kakulangan ng personal na pag-aaral ay nakakagambala sa edukasyon, nakakahina ng social na suporta, at nakakaapekto sa pangkalusugan ng isip ng maraming estudyante. Ang panganib ng COVID-19 ay maaaring mabawasan habang nasa paaralan ang mga estudyante. Ang panganib na nauugnay sa pag-aaral ng personal ay kailangang timbangin laban sa maraming benepisyo ng pagbabalik sa kampus.

Ang ating komunidad ay lubos na nabakunahan, at lahat tayo ay nakinabang doon. Mahigit na 83% ng mga residente ng county na nasa 12 o pataas ay ganap na nabakunahan, isa sa pinakamataas na antas sa U.S. Sa parehong panahon, maraming tao ang nababahala sa kalusugan ng mga bata na mas bata sa 12 dahil sa hindi pa sila kwalipikadong mabakunahan. Sa pagkakaroon ng COVID-19 sa ating komunidad, at dahil sa pagkakaroon ng kasalukuyang pag-akyat ng kaso dahil sa pagtaas ng nakakahawang Delta variant, Nakita at patuloy nating makikita ang ilang mga kaso ng COVID-19 sa mga paaralan. Subalit, ang mataas na antas ng pagbabakuna sa ating komunidad, dagdag pa dito ang mga ibang layer ng proteksiyon na mayroon sa ating mga paaralan, ay nakakatulong na manatiling posibleng malusog ang mga tao sa paaralan at kahit saanman.

Importante ring alalahanin na ang mga kaso na natukoy sa mga paaralan ay maaaring mga resulta ng pagkakalantad sa labas ng paaralan. Ang pagkakahawa ay maaaring mangyari sa kahit anong pagkakataon, pati na sa paaralan, at gayundin sa tahanan o sa mga pagtitipon sa lipunan kung saan ang mga tao ay hindi patuloy na nagsusuot ng maskara o sumusunod sa ibang hakbang ng kaligtasan na laganap sa ating mga paaralan. Ang mga hakbang para sa kaligtasan na ginagawa sa paaralan, kagaya ng regular na pagsusuri, ay isang parte ng pinagsamang pagsisikap upang maprotektahan ang ating mga pamilya, mga guro at kawani, at ang mas malawak na komunidad ngayong taglagas at sa buong taon.



Mayroong mga ilang bagay na maaaring gawin upang makatulong sa ating mga estudyante at ang komunidad upang manatiling malusog ngayong taon ng pasukan.

- Panatilihin sa tahanan ang inyong mga anak kung sila ay may sakit. Mangyaring huwag silang papuntahin sa paaralan, kahit na sa isip ninyo ay isang hindi malubhang sakit, hanggang ito ay inyong napasuri at/o nasuri ng maayos.
- Tiyaking lahat ng mga kwalipikadong miyembro ng inyong sambahayan ay ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 sa lalong madaling panahon. Ibig sabihin nito, na ang mga taong nasa 12 at pataas sa ngayon, at mas bata sa oras na aprubado ang bakuna para sa kanila.
- Siguraduhin na ang inyong mga anak at kayo ay nabakunahan laban sa mga ibang sakit, kasama na rito ang trangkaso. Ilang mga pamilya ay nilaktawan ang Gawain na bumisita sa kanilang doctor sa panahon ng pandemya at huli sa oras ng pagbabakuna na makakaprotekta sa kanila laban sa whooping cough, tigdás o iba pang seryosong mga sakit. Ilang mga pagbabakuna ay kinakailangan para sa mga bata upang makapasok sa mga paaralan sa California.
- Siguraduhin na ang inyong mga anak ay nagsusuot ng maskara na kumportable para sa kanila sa paaralan at iba pang panloob na lugar, isang kinakailangan sa mga county sa Bay Area.
- Siguraduhin na kung sinuman ang mayroong sintomas ng COVID-19 sa inyong pamilya o nalantad sa isang taong nagpositibo sa pagsusuri, kailangang magpasuri.
- Magpa-iskedyul ng dental appointment para sa inyong mga anak kung sila ay hindi pa nakakabisita sa kanilang dentista sa nakaraang taon. Ito ay makakatulong na mapigilan ang mga hindi nagamot na mga lungga o impeksiyon na makakaapekto sa kanilang tagumpay sa paaralan.
- Mag-access ng emosyonal na suporta kung ikaw o isang tao sa inyong pamilya ay nangangailangan nito

Mga mapagkukunan para sa mga pamilya:

- COVID-19 na pagbabakuna para sa mga may edad na 12 at pataas: ang inyong family doctor, parmasya, o [sccfreevax.org](http://sccfreevax.org)
- COVID-19 na pagsusuri: [sccfreetest.org](http://sccfreetest.org)
- Kinakailangang mga pagbabakuna para sa pagpasok sa paaralan: [ShotsForSchool.org](http://ShotsForSchool.org)
- TB screening: [PublicHealthProviders.sccgov.org/schools](http://PublicHealthProviders.sccgov.org/schools)
- Libreng VTA na transportasyon na serbisyo sa pagpunta sa mga klinika ng pagbabakuna: 408-809-2124
- Emotional support: [caParentYouthHelpline.org](http://caParentYouthHelpline.org) or call or text 855-427-2736

Sama-sama, mapapanatili nating ligtas at malusog ang ating mga anak at ang ating komunidad. Tayo ay mas matatag kung sama-sama.

Taos-puso,

Sara H. Cody, M.D.  
Opisyal at Direktor ng Pangkalusugan  
Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng  
County ng Santa Clara

Mary Ann Dewan, Ph.D.  
Superintendente ng mga Paaralan sa County  
Opisina ng Edukasyon ng  
County ng Santa Clara

